# Actors Ready: Danas ng mga Piling Artista ng Teatro sa Panahon ng Pandemya

Eula Jean L. Marayan
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Jerome P. Permejo
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

**Abstract:** The global pandemic changed the course of theater and performing arts. Cultural workers were identified by the COVID-19 Inter-Agency Task Force (IATF) as non-essential workers resulting in the halt of cultural performances. This study examined the experiences of selected actors in theater and understood how theater adapted during a pandemic. This also reviews the immediate response of artists and the government in embracing theater and the arts. Seven freelance theater actors were interviewed to understand their experiences and narratives. From wide stages to narrow spaces, and now to the virtual world, the performers brought the sacred space of the theater. Some of the challenges they faced are loss of livelihood, mental health issues, new protocols, changing space and presentation elements. The restriction caused by the pandemic has not been able to shut down art and the desire to represent social issues. The hybrid of theater and film was brought up by technology that could potentially be the target of future performances.

**Keywords:** Performing arts; Covid-19; Theater studies; Theater artists; Theater-film hybrid

**Abstrak:** Katulad ng ibang industriya at sangay ng sining at kultura, malaki ang naging epekto ng pandemya sa teatro. Binansagang *non-essential workers* ang mga manggagawang pangkultura at natigil ang mga pangkultural na gawain. Sinuri sa pag-aaral na ito ang karanasan ng mga piling artista sa teatro at inunawa kung paano umangkop ang teatro sa panahon ng pandemya. Ito ay isang deskriptibong pananaliksik. Inusisa ang naging estratehiya ng mga artista at ng pamahalaan sa pagyakap sa teatro at sining. Kinapanayam ang ilang artista upang maunawaan ang kanilang danas. Mula sa malawak na entablado, pinakamaliit na sulok, makitid na gilid, hanggang sa virtual world, dinala ng mga mananaghal ang sagradong espasyo ng teatro. Ilan sa mga hamon na kanilang kinaharap ay ang kawalan ng kabuhayan, *mental health issue*, mga bagong protokol, at pagbabago ng espasyo at elemento sa pagtatanghal. Hindi nagawang ikulong ng mga restriksyong dulot ng pandemya ang sining at pagnanasang mabigyan ng representasyon ang mga isyung panlipunan. Isinalang ang *hybrid* ng teatro at pelikula gamit ang teknolohiya na posibleng tunguhin ng mga pagtatanghal sa hinaharap.

**Mga susing salita:** Performing arts; Covid-19; Panunuring pang-teatro; Artista sa teatro; Theater-film hybrid

## Introduksyon

Sa simula ay nakakabinging katahimikan. Tanging yabag lamang ng mga paa ang maririnig. Mapalad ka kung ika'y nasa unang linya ng mga upuan, mabusisi mong masisipat ang mga detalye, malinaw mong maririnig ang pinaka-mahinang sigaw.

Kasabay ng pagpapalit kulay ng ilaw ang pagbabago ng iyong nararamdaman. Minsan nakakakakaba, minsan nakakatawa, minsan nakakaiyak, minsan nakakamuhi. Ang bawat patak ng pawis, ang mga talsik ng laway, panaka-nakang pag-ubo, at pag-buntong hininga, lahat ng ito ay bahagi ng isang palabas. Kung paanong ang mga manonood sa maikling sandali ay bahagi ng matagal na pinaghandaang pagtatanghal. Kung paanong ang maliit na detalye ng pagkilos ng nanonood ay nakakaapekto sa nagtatanghal. Ito ang teatro na kinamulatan, ito ang relasyon ng nagtatanghal sa manonood at manonood sa nagtatanghal. Ganito ang entablado at mga palabas bago ang lahat ay hindi na makalabas.

Ang teatro ay isa sa mga pinakakilalang anyo ng pagkukuwento. Salamin ito ng pinagsama-samang karanasan na binibigyang buhay sa entablado. Katulad ng mga simpleng mamamayang bahagi ng isang komunidad, binago rin ng pandemya ang buhay sa entablado at ng mga artista nito. Ang tanghalan ay itinuturing ding tahanan ng mga mandudula. Ito rin ay may porma bilang isang komedya, drama, eksperimental, aktibismo, at marami pang iba. Sa pagsisimula ng COVID-19 pandemic, kaliwa't kanan ang mga naging paghihigpit sa bansa para sa seguridad ng mga mamamayan. Noong Marso 15, 2020, nagsimula ang malawakang *community quarantine* sa bansa. Nagtalaga ang pamahalaan ng mga alituntunin dagdag pa sa mga ipinapatupad ng World Health Organization. Ilan dito ay ang *curfew* mula alas-8 ng gabi hanggang alas-5 ng umaga, nagtakda ng mga *checkpoint* sa mga pasukan sa Maynila at ipinasara rin ni Pangulong Duterte ang lahat ng paliparan sa Luzon (Recinto, 2020).

Sa pagpasok ng pandemya, biglang huminto ang paggalaw ng mga tao sa buong mundo. Isa ang sektor ng sining at kultura sa mga labis na naapektuhan, at ang mga artista ay binansagan bilang mga *non-essential workers*. Ipinasara ang mga tanghalan at naging problema ang pagkukunan ng panggastos sa araw araw ng mga tao sa teatro, dagdag pa riyan ang mga personal na suliraning umusbong sa panahon ng *lockdown*. Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa danas ng mga alagad ng teatro sa panahon ng pandemya. Ang salitang danas sa tagalog ay salitang ugat ng pang-ngalang karanasan, ito ay tumutukoy sa isang kolektibo o *abstract* na eksperyensya ng isang grupo o indibidwal. Sinusuri dito ang estado ng teatro at mga artista nito bago, habang at pagkatapos ng pandemya. Tiningnan rin dito ang mga karanasan ng mga piling artista ng teatro at inunawa ang kanilang naging tugon sa mga hamon na dala ng pandemya, isang panahong hindi tiyak sa sinumang alagad ng tanghalan.

## Paglalahad ng suliranin

Nilayon ng papel na ito na malaman kung paano umangkop ang teatro sa panahon ng pandemya. Kabilang na rito ang naging (1) estado ng teatro; (2) mga suliraning kinakaharap ng mga artista at ng teatro bilang isang industriya at sining; (3) at kung ano ang magiging estado ng dulaan sa mga susunod pang panahon.

## Metodolohiya

Ito ay isang deskriptibong pananaliksik. Inusisa ng mananaliksik ang mga naging estratehiya ng mga artista sa pagyakap sa teatro at sining sa isang hindi inaasahang panahon. Ang mga pakikipanayam at komunikasyon ay ginawa gamit ang *facebook messenger* at *Zoom*. Ang ilan sa mga nakapanayam ay personal na kakilala ng mga mananaliksik habang ang ilan ay napili batay sa *referral* nina Gio Potes at Paul Jake Paule. Kumuha din ng tulong sa isang kakilalang mag-aaral para sa transkripsyon ng mga interbyu. Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Husserlian Descriptive Phenomenology* ni Edmund Husserl na naglalayong tuklasin at mailarawan ang mga karanasan ng mga indibidwal. Sa pag-aaral na ito, siniyasat ang kwentong buhay ng mga artista sa panahon ng pandemya gamit ang datos mula sa mga panayam bilang pangunahing batis.

## Depinisyon ng mga termino

Artista - tumutukoy sa isang tao na gumaganap sa dulaan, teatro, tanghalan, o pelikula. Sa pananaliksik na ito, sila ay tutukoy sa mga artista ng teatro.

Karanasan - aktwal na paggamit ng mga pandama sa bagay o pangyayari at pag-unawa hinggil sa naturang bagay o pangyayari.

Teatro - pook o gusaling pinagtatanghalan o pinagdadausan ng mga dula, pelikula, at iba pa.

## Estado ng teatro bago magsimula ang pandemya

Sa kasaysayan ng Pilipinas, marami ang anyo ng teatro. Ayon kay Nicanor Tiongson sa librong "Philippine Theater: History and Anthology", mayroong iba't-ibang porma ang teatro, nariyan ang *balitaw* ng Cebu, *duplo* ng Malolos, Bulacan, *crissotan* ng Pampanga, Komedya-Arakyo ng Nueva Ecija, senakulo, sarswela, drama, at marami pang iba (Tiongson, 1999). Ito ay patunay na maunlad ang tanghalang Pilipino. Makikita rin ang naging transpormasyon ng teatro mula sa pagiging tanghalang bayan hanggang sa pagkakaroon nito ng impluwensya mula sa mga mananakop na Espanyol, Amerikano, at Hapon.

Patuloy ang naging ebolusyon ng teatro sa paglipas ng panahon. Ito ay dala ng mga pagbabago na dulot ng mga makabagong ideolohiya, teknolohiya, at pagsasagawa ng iba't ibang eksperimentasyon. "Ang teatro ay isang sagradong lugar para sa akin", pahayag ni Opaline sa aming panayam. Si Roeder naman ay naniniwala na *"theater is a celebration"* at *"art is a way of life, if you really want to create change, art ang platform for creating reformative programs for changing the mindset of people."*

Ang ilan sa mga nakapanayam ay mayroong ibang trabaho; mayroong guro, *workshop director*, *advocate, producer*, aktor sa telebisyon, at *part-timer* sa ibang industriya. Si PJ ay isang artista sa teatro sa mahigit sampung taon. Siya ay *Artistic Director* din ng isang independenteng grupo na Artist Playground. Ang pagtatanghal ay ang kanyang pangunahing pinagkukunan ng panggastos sa araw-araw, at dito na rin umiikot ang kanyang buhay. Ayon kay PJ, *"dati every other month yung shows. May isang buwan rehearsal at preparation… then the following month, yung production and after ng production meron ka ulit panibagong ire-rehearse. Ganon yung cycle.*"

Iba't iba rin ang mga tema ng pagtatanghal ng mga grupong pang-teatro. Madalas ito ay nakadepende sa adbokasiya o kanilang kinabibilangan institusyon. Ang Tanghalang Pilipino halimbawa, ay karaniwang nagpapalabas ng mga dula na tumatalakay sa mga isyung panlipunan at kasaysayan gaya ng *Mabining Mandirigma (2019)* at *Lam-Ang: An Ethno-Epic Musical (2019).* Habang and Dulaang UP ay nagpapalabas ng mga orihinal na dulang Pilipino na gawa ng mga Pambansang Alagad ng Sining kagaya nina Nick Joaquin, Wilfrido Ma. Guerrero, Bienvenido Lumbera at marami pang kilalang manunulat (Opisyal na Pahina sa Facebook ng DUP).

Si PJ ay isang *freelancer* ng Gantimpala Theater Foundation na kilala sa pagsasadula ng apat na klasikong literaturang pinag-aaralan sa High School. Ito ay ang Florante at Laura, Ibong Adarna, Kanser o Noli Me Tangere, at El Filibusterismo. Ayon kay PJ, ito ay tinatawag ng Gantimpala na "*edutainment*" o "*educational and entertainment, para meron silang partikular na persona na nai-imagine kapag dinidiscuss yung topic at parang guide na mas maengganyo sila na pag-aralan talaga yung four classics*", tinutukoy niya ang mga estudyanteng manunood.

Si Gio naman ay miyembro ng Tag-Ani Performing Arts Society at kasalukuyang *Artistic Director* ng UP Repertory Company. Nagsimula siyang magtanghal noong taong 2011 sa Tanghalang Bayan ng Kabataan, UP Baguio at hindi naglaon ay sa UP Diliman bilang miyembro ng UP Repertory Company. Naka depende sa grupo ang tema ng kanilang mga palabas bago ang pandemya. Ang karaniwang tema ay tumatalakay sa mga usaping panlipunan at ang mga manunood ay mga estudyante rin sa pamantasan.

Progresibo, buhay na buhay, malago at mayaman ang teatro bago ang pandemya, pahayag ng mga artista. Ngunit ilan sa mga kinaharap na suliranin ng mga grupo ay ang kakulangan ng mga manonood. Kinakailangan gumawa ng iba't ibang gimik upang mapansin ang kanilang produksyon, *"andaming production, pero mahirap maghanap"* pahayag ni Roeder. Maraming nagsulputang *theater companies* at malaking suliranin kung paano kikita ang mga palabas lalo pa kung wala namang ispisipikong grupo ng manunuod. May pagkakataon din kung saan naisipan nilang magtayo ng unyon, isa sa layunin nito ay ang pag-aayos ng kalendaryo ng mga pagpapalabas.

## Teatro sa panahon ng pandemya

Sa pagsisimula ng pandemya, isang pag-aaral ang ginawa ng #CreativeAidPH at Nayong Pilipino Foundation, upang malaman ang kalagayan ng mga manggagawang pangkultura. Umapela sa gobyerno ang mga institusyon upang bigyan ng agarang tulong ang mga nawalan ng trabaho sa sektor ng sining. Napag-alamang 58% sa 499 na mga tumugon sa kanilang survey ay mga *freelance worker* o *self-employed*, habang 15% sa kanila ay nagtatrabaho sa teatro. Ayon sa isang respondent ng sarbey:

> *"Dahil ako ay aktor sa entabaldo, sobrang importante ng Physical contact sa aming propesyon dahil katawan ang isa sa mga tools na ginagamit para maihayag ang kwento at higit sa lahat ang aming sining ay isang experience na mas epektibo kung kaharap mo ang iyong manunuod ngunit dahil nga sa threat ng sakit na mas malaki ang tsansa ng pagkalat sa mataong lugar ipinagpaliban ang mga pagtatanghal kung saan nagsasama sama ang maraming tao para sa isang shared experience." (Survey Respondent ng #CreativeAidPH)*

Naghain si Senador Grace Poe ng resolusyon P.S. Res. No. 378 upang magsagawa ng pag-aaral ang angkop na komite ng Senado para sa rehabilitasyon ng kultural at malikhaing sektor sa *new normal.* Ilan sa probisyon nito ay ang pagtutulungan ng Department of Labor and Employment, sa koordinasyon kasama ang NCAA, FDCP, ang Directors' Guild of the Philippines, Inc., at iba pang mga organisasyon ng mga manggagawa sa mga kultural at malikhaing industriya, ay dapat gumawa ng mga alituntunin kung paano gagawin ang paglikha at pagtatanghal ng mga kultural at malikhaing *output* at iba pang mga pagtatanghal habang sumusunod sa social distancing at mga protocol sa kalusugan (Ika-18 Kongreso ng Republika ng Pilipinas, 2020).

## Teatro pa nga ba?

Nagkaroon ng maraming pagbabago sa mga pagtatanghal, ilan sa mga ito ay ang paggamit ng teknolohiya dahil sa mga limitasyon na dala ng krisis pangkalusugan. Mayroon ding mga kumpanya kagaya ng Resorts World Manila at Full House Theater Company ang nagsimula ng inisyatiba upang magpalabas ng mga dula sa *internet*. Hindi inaasahan ang napakalaking tugon sa "Ang Huling El Bimbo" *streaming* dahil ito ay orihinal na kinuhaan bilang isang *archive* lamang. Batay ito sa pahayag ni Ms. Menchu Yulo na isa sa mga *artistic director* ng madla (Mallorca, 2020). Nag-trending sa mga *social media platforms* ang palabas dahil nagkaroon ng ideya ang masa tungkol sa teatro at malawak ang naabot na manunood nito. Sinubukan ding gamitin ng ilan pang grupo ang ganitong ideya upang makapag palabas ng mga dula, ngunit dahil na rin sa usaping pinansyal at problema sa espasyo, kaunti lamang ang nakagawa nito.

Iba't iba ang naging karanasan ng mga artista sa panahon ng pandemya, ang ilan ay huminto sa pagtatanghal at humanap ng ibang pagkakakitaan, at ang ilan ay panandaliang nagpahinga sa teatro. Ngunit ang karamihan ay nagpatuloy at naghanap ng ibang pamamaraan upang makapag-tanghal. Ang paggamit ng *online platforms* kagaya ng *zoom, youtube, at facebook* ang siyang naging daan upang matuloy ang mga pagtatanghal. Taong 2020 noong simulan ang *virtual* o *digital theater*, ito ay uri ng produksiyon na ginagamitan ng *internet*. Lokasyon ang pinakamalaking pagkakaiba nito sa tradisyonal na teatro, kung saan karaniwang isinasagawa ang mga produksyon sa entablado (EXGO REV, 2020).

**Talahanayan Bilang 1.** Mga pagbabago sa pagtatanghal na dulot ng pandemya

| Artista | Siping Pahayag |
|---|---|
| Gio | *"Zoom performance, hybrid of whatever media, naweirduhan kami sa format. Nagkaroon din ng multi-tasking ng mga actor."* |
| Ligaya | *"Nirerecord namin gamit ang Zoom, e-edit na lang, ika-cut na lang kung anong maproduce sa Zoom."* |
| Roeder | *"Ginamit namin ang Zoom at Youtube, parang ini-stream namin sya for free, pero naglagay kami ng mechanism for donations."* |
| Paul Jake | *"Walang real connection sa audience."* |
| Serena | *"Mas dumami yung taping, pafilm-film na din. So malapit pa rin."* |

| | |
|---|---|
| Opaline | *"Meron lang kaming online rehearsals, puro reading lang kasi di naman makapag rehearse ng space…walang blocking, tapos biglang shoot sa iba so hindi sya appropriate."* |
| Istefen | *"Naging exploration sya...nandoon na yung use of technology."* |

Dahil sa kagustuhan ng mga artista na makapagtanghal, naranasan nila ang kaliwa't kanang pagsubok at iba't ibang pamamaraan upang maibalik ang teatro. Pinag-isipan kung kinakailangan subukan ang pagtatanghal *online*. Naging malinaw na hindi tiyak ang kahihinatnan ng ganitong mga pagtatanghal, ngunit kanila itong sinubukan. Sa panayam kay Gio, nabanggit niyang *"pagpasok sa online, hindi ka teatro, humihiram ka ng espasyo para maging teatro. No'ng pandemic talagang nag-adjust pero we have to face the fact that this is not theater yet."* Nahirapan ang mga artista sa pagsisimula dito dahil sa mga limitasyon sa teknolohiya. Hindi lahat ay mayroong *gadget* at malinaw ang signal.

Ang karamihan ay gumamit ng *Zoom*, kinakailangan itong irekord upang maipalabas sa mga *social media platforms.* Ang iba naman ay gumamit ng *Facebook* o *Google Meet*. Libre itong mapapanuod subalit ang tiyak na bilang ng *viewers* at *followers* sa *social media* ay magreresulta sa posibleng pagkakaroon ng kita. Kasama rin sa mga pagbabagong ito ay ang pangangailangan sa isang *editor*, tila ang teatro at pelikula ay naging isa. Tinatawag ito ng mga artista bilang *"virtual theater"*, *"online theater"* o *"theater-film hybrid"*. Sa pahayag ni Jasper na isang *director/editor*, *"kailangan magpa-call for video editor, call for sound designer at scorer…nagkaroon na ng postproduction phase 'yong theater production"* na isa rin sa mga naging dagdag alalahanin dahil sa ipangbabayad sa mga tao. Kinailangang matuto ang mga artista na gumamit ng *Open Broadcaster Software* upang maipalabas ang mga produksyon. Naging malaki ang pagkakaiba nito sa tradisyonal na tanghalan.

Ang *multitasking* ay isa rin sa mga natutunan ng mga artista, kasama na dito ang pag-aaral kung paano mag-ilaw at gumawa ng *theater set* sa kani-kanilang tahanan. Dahil sa mga pagbabagong dala ng pandemya, marami sa mga artista ng teatro ay pumasok sa pelikula kagaya ni PJ, Roeder at Serena. Kinuha ang mga artista ng teatro upang gampanan ang iba't ibang papel sa telebisyon at pelikula, *"sa teatro tuturuan ka talagang maging magaling, maging flexible, maging tao,"* ika ni PJ.

## Mga suliraning kinakaharap ng mga Manananghal

Ang sektor ng sining ay nakategorya ng COVID-19 Inter-Agency Task Force bilang hindi mahalaga o *non-essential*, dahil dito ay nagkaroon ng iba't ibang suliranin ang mga artista. Ilan na rito ay ang aspektong pinansyal, sikolohikal, at pisikal na limitasyon. Bagaman ang mga suliraning ito ay naranasan na ng mga artista bago pa man ang panahon ng pandemya, masasabing mas naging maigting ang kanilang pangangailangan pagpasok ng krisis pangkalusugan sa bansa.

**Talahanayan Bilang 2.** Mga suliraning kinakaharap ng mga artista sa panahon ng pandemya.

A. Pinansyal

| Artista | Siping Pahayag |
|---|---|
| Gio | *"Hindi lahat may load."* |
| Ligaya | *"Lack of funding. Hangga't walang nahahalal na tao na maalam at gustong payabungin ang sining dito sa bansa, mahihirapan pa rin."* |
| Roeder | *"Thankfully, hindi naman masyado...to be honest kasi nakapag-save naman ako."* |
| PJ | *"Malaki yung effect nya kasi nga yung usual...na parang expected mong income nawala."* |
| Serena | *"Sinubukan ko mag-BPO at online selling ng meryenda."* |
| Opaline | *"Iyon ang dami kong nacancel na ano na nakaschedule na...out-of-town gano'n so malaki siyang kawalan of course."* |
| Istefen | *"Isang beses lang ang ayuda. Buti na lang tinapos ko 'yong pag-aaral ko, hindi ako ganoon naapektuhan kasi kaya kong pumasok sa ibang industriya."* |

Lubos na naapektuhan ang mga artista partikular na sa aspektong pinansyal. Ang pinakamalaking dahilan nito ay ang pagkansela ng mga palabas at pagsasara ng mga tanghalan. Mapalad ang ilan sa mga nakapanayam dahil sila ay may ipon o may ibang hanap buhay kagaya ng pagtuturo at *part-time* na trabaho sa labas ng teatro.

Hanggang sa kasalukuyan, marami pa din ang mga tinatawag na *struggling artist*. Hindi lahat ng artista sa entablado ay may kaya at karamihan sa kanila ay *breadwinner* ng pamilya. Mapalad ang ilan na matagal na sa industriya at nakapag impok, mayroon namang ilan na may ibang trabaho, subalit malaki pa din ang bilang ng mga artista na pagtatanghal lamang ang pinagkakakitaan. Tatlo sa mga nakapanayam ang nagpahayag na bago ang pandemya, sa teatro lamang sila naka-depende. Noong ipinatupad ang restriksyon, sila ang unang-unang nawalan ng kabuhayan. Ang ilan naman sa mga nakausap na may *part-time* na trabaho ay nabawasan ang pagkakakitaan.

Upang matugunan ang pangangailang pinansyal, humanap ng ibang kabuhayan ang mga nakanapanayam na ang pinagkakakitaan lamang ay ang pagtatanghal. Nariyan ang pagpasok sa *BPO*, *online selling*, at iba pang industriya. Mayroong programang inilunsad ang pamahalaan upang maibsan ang pinansyal na suliranin ng mga artista subalit batay sa karanasan ng mga nakapanayam, naging pahirapan ang pagkuha ng ayuda, ang ilan ay hindi pa nga nakatanggap. Nang nakasabay naman ang teatro sa pagbabago, naging suliranin naman para sa kanila ang paghahanap ng tatangkilik sa kanilang palabas. Nagkaroon ng kompetisyon sa pagitan ng mga malalaki at maliit na *theater group* upang makakuha ng manonood.

Naging suliranin din para sa mga aktor ang pangangailangan na magkaroon ng *internet connection* o *mobile data*. Noong pinayagan ang limitadong pisikal na pagtatagpo, suliranin naman ang mataas na bayad para sa pagpapa-swab. Paano mo iisipin na gumastos para dito gayong malaking alalahanin pa din ang pagkukunan ng pera para sa pagkain at pambayad sa bahay?

**Talahanayan Bilang 3.** Mga suliraning kinakaharap ng mga artista sa panahon ng pandemya.

B. Sikolohikal

| Artista | Siping Pahayag |
|---|---|
| Gio | *"Online theater is not as effective."* |
| Ligaya | *"...iniyakan ko sya dahil takot ako sa technology. Nakaranas ako ng anxiety, hindi ko alam kung paano magmo-move forward."* |
| Roeder | *"Jarring...I fell into a depression. Nakakabaliw sya!"* |
| Paul Jake | *"May kulang sa pagkatao mo."* |
| Serena | *"I think mas na-compensate 'yong effort, 'yong mga trabaho ngayong pandemic as in lahat ng work bayad."* |
| Opaline | *"Weird awkward... pero no'ng nasasanay ka na—nasasanay, tinatanggap na siya ng sistema mo."* |
| Istefen | *"Nakapagpahinga."* |

Iba-iba ang pagtingin ng mga artista sa teatro, tinitignan ito ni Opaline bilang isang sagradong lugar at ang pagtatanghal bilang isang ritwal; kay PJ naman bilang ekstensyon ng katawan at pagkatao; habang tinuturing naman ni Roeder ang sining bilang isang pamamaraan upang maglunsad ng mga pagbabago. Iba-iba man ang pagtingin ng mga artista sa teatro at sining, isa ang malinaw, lahat sila ay mayroong malalim na pagmamahal sa pagtatanghal.

Naging suliranin sa panahon ng pandemya ang aspektong sikolohikal o *mental health*. Marami sa mga nakapanayam ang nadismaya, ngunit naintindihan naman nila ang dahilan ng agarang pangangailangan sa paglalagay ng mga protokol pangkalusugan. Sa mga nakapanayam, mayroong dumanas ng depresyon at napaisip kung teatro pa rin nga bang maituturing kung ito ay isinasagawa *online*. Maging ang mga nasa akademya ika ni Ligaya, ay kinukwestyon ang uri ng pagpapalabas. Siya ay nalito, nakaramdam ng takot, at nakaranas ng pagkabalisa dahil hindi niya alam kung paano siya sasabay sa pagbabago na dulot ng paggamit ng teknolohiya.

Karamihan sa mga nakapanayam ay nanibago sa pamamaraan ng pagpapalabas. Ang pagtatanghal ay hindi umiikot sa iisa, hahanapin mo ang koneksyon sa kapwa mo artista at sa mga manunuod. Maliban sa agam-agam sa depinisyon ng teatro sa panahon ng pandemya, karagdagang suliranin din para sa mga nagtatanghal ang kanilang pagiging *effective* na artista. Hindi tiyak kung nararamdaman ng kapareha ang emosyong inilabas at nariyan din ang hirap na makahugot ng lalim sa ibinabatong linya ng kasama. Hindi rin maramdaman ang reaksyon ng mga nanonood batay sa kanilang nasasaksihan.

Bagaman ilan sa mga nakapanayam kagaya ni PJ at Istefen ang nagpahayag na ang mga unang araw ng pandemya ay naging panahon upang makapag pahinga, hindi naman naglaon ay hinahanap-hanap na ng kanilang katawan ang entablado. Batay kay Opaline, walang mapag

labasan ng *creativity*. Walang mapagdaluyan ng mga nakakulong na emosyon na sa ilang mananaghal, tanging sa teatro lamang nagagawa. Ekstensyon ito ng kanilang sarili, at ang pagkakataong ipinagbawal ang mga pagtatanghal, para na ring pinutol ang bahagi ng kanilang katawan.

Samantala, ilan sa mga matandang artista ang hindi kinayang makasabay sa pagbabago. Nahirapang sumabay sa teknolohiya at binitawan pansamantala o tuluyan ang kanilang tahanan. Nagdulot ng *stress* ang bagong platform kung saan nahirapang maki-angkop ang ilan.

**Talahanayan Bilang 4.** Mga suliraning kinakaharap ng mga artista sa panahon ng pandemya.

K. Pisikal

| **Artista** | **Siping Pahayag** |
|---|---|
| Gio | *"We are still exploring kung paano ito gagawin online."* |
| Ligaya | *"Maghahanap ka ng ilaw mo sa bahay, maghahanap ka ng space mo."* |
| Roeder | *"Ang hirap kasi hindi ka makalabas."* |
| Paul Jake | *"...anywhere pwede syang maging theater basta may actor, kahit saang space."* |
| Serena | *"May online at on-site na sya."* |
| Opaline | *"Sobrang disconnected."* |
| Istefen | *"Walang permanenteng tanghalan, ginamit namin yung kalsada bilang tanghalan."* |

Sa isang dula o pagtatanghal, maliban sa piyesa, pangunahing elemento ang mga mananaghal, ang taga-panood, at ang espasyo ng pagtatanghalan. Ang artista ang taga-pagpadaloy ng kwento, ang manonood ang pagpapadaluyan ng mensahe, at ang espasyo ang medium na pagdadaluyan. Kung walang espasyo walang teatro. Kinakailangan ang pakiramdam ng pagpapakiramdaman mula sa nagtatanghal at manonood. Ang inilalabas na emosyon sa entablado ay tinatanggap ng mga nasa paligid nito habang ang reaksyong iniluluwal ng manonood ay pinapakiramdaman naman ng mga aktor. Mayroong tahimik na interaksyon sa pagitan ng mananaghal at manonood. Ito ay paghihilahan at pagtutulakan na sa pisikal na espasyo mo lamang mararamdaman.

Nahirapan ang mga nakapanayam sa pagbabagong dulot ng espasyo at pisikal na aspekto. Sinimulan ang pagsubok sa mga *online platform* kagaya n*g zoom, google meet at facebook messenger* bilang pagtatangka na gawing bagong espasyo ng tanghalan. Ginamit din ang kanilang mga tahanan bilang lugar upang mag-ensayo at magtanghal na malayo sa nakagawian. Isa si Opaline sa mga nakaranas na gamitin ang garahe at kusina bilang teatro. Ika nya:

> *"Nakikita ko iyon na posibilidad na parang kahit na kunyari kusina ko, magpeperform kaming tatlo, tapos meron akong lima o anim na iimbitahan na manood sa amin. Iyon ang teatro."*

Dahil sa protokol na ipinatupad sa panahon ng pandemya, naging imposible ang pisikal na interaksyon ng mga aktor sa entablado. Nahirapang mahagilap ang koneksyon ng ilang mga elemento na umiikot sa isang dulaan. Nang pinayagan ang limitadong pisikal na rehearsal, nangapa ang mga aktor dahil iba ang batuhan ng linya sa personal kumpara sa telepono, iba ang execution ng blocking kung magkaharap ang gumagawa. Pagpapatuloy ni Opaline, "*maraming signal na hindi verbal, maraming maliliit na gestures na hindi naka-capture online*."

Naging hamon sa mga mananaghal ang banta sa kanilang kalusugan at isa sa mga naging solusyon dito ay ang *swab testing* at *lock in taping*. Ang ilan ay kinakailangang mag-*quarantine* ng 10 hanggang 14 na araw. Ayon kay Roeder, *"iyong swab mo it would last for three days or a week"*, ito ang kwento sa kanya ng isang kaibigan na kabilang sa Lapu Lapu na isang dula mula sa Metropolitan Theater. Patuloy pa ni Roeder:

> *"pagpasok mo do'n sa lock-in magsa-swab ka tapos meron ka pang 10 days quarantine. Tapos paglabas mo may exit swab ka pa tapos during the time na nasa lock-in ka, every 2 weeks isa-swab pa rin kayo."*

Ang mga protokol na ito ay naging hamon rin pang pinansyal dahil sa taas ng presyo ng mga RT PCR test kits, kung kaya naman ang ilan sa mga artista ay napipilitang mag-ensayo ng magkakasama na walang kasiguraduhan kung ang kasama nila ay may sakit o wala.

## Agarang reaksyon ng teatro at gobyerno sa panahon ng pandemya

Ang programang "NCCA Assistance Program for Artists and Cultural Workers Under the State of Calamity" ay nakapagbigay ng 5,000.00 piso para sa mga artista at manggagawang pangkultura na walang permanenteng pinagkukunan ng sweldo, nagtatrabaho bilang *freelance artist*, at may mga proyektong nakansela dahil sa Enhanced Community Quarantine. Sa ilalim ng NCCA Board Resolution No. 2020-311, ang "Arts Program as Quick Response for Natural and Human Induced Disaster," inaprubahan ng *NCCA Board of Commissioners* ang pondo na nakatulong sa 1,005 na benepisyaryo sa pagpupulong noong Pebrero 20, 2020 (Custodio, 2020). Ilan sa mga nakatanggap nito ay sina Istefen, Gio, at Ligaya. Ngunit hindi lahat ay nakatanggap ng ayuda mula sa ahensya, ayon kay Gio *"...hindi lahat naapprove, meron lang limited slots for it."*

Noong Abril 2020, inaprubahan ng NCCA Board of Commissioners ang P63.8 milyon para sa "NCCA Assistance Program in Response to the Call for Bayanihan to Heal as One Act" na pondong tulong para sa mga manggagawa ng sining at kultura na apektado ng pandemya. Ayon sa pahayag ni Deputy Executive Director Marichu Tellan, ito ay nagmula sa ginawang realaynment ng *budget* ng mga kanseladong gawain (Custodio at Soliman, 2020). Ang P6.4 milyon mula sa nasabing pondo ay inilaan para sa natitira pang 1,250 na benepisyaryo mula sa talaan ng NCCA-TUPAD, Artists Welfare of the Philippines, Inc. (AWPI) at Film Academy of the Philippines (FAP), habang ang natitirang P57.4 milyon ay ipinamahagi sa labinsiyam (19) na pambansang komite ng NCCA (Custodio, 2020).

Nagkaroon din ng inisyatiba ang ilang samahang pangkultura upang makapagbigay ng tulong sa mga kasamahan sa sining. Sa panayam kay PJ, nabanggit nyang nagsagawa sila ng *online workshop* na ang kapalit ay mga donasyon. Ang nalikom na pera ay hinati-hati at ibinahagi sa mga artista at mga kasama sa produksyon na nagpalista at nangangailangan ng ayuda. Nabanggit din ni PJ at Roeder na maging ang Film Development Council of the Philippines ay nagbahagi. Dahil sa karamihan ng artista sa teatro ay nasa pelikula din, nakatanggap din sila ng ayuda mula sa institusyon. Binigyang diin ni PJ na mismong mga kasama mula sa iba't ibang *theater group* ang nagsamasama upang makapag paabot ng tulong.

Ang House Bill 10107 o panukalang Philippine Creative Industries Development Act ay pangunahing akda at itinataguyod ng House Committee on Creative Industry and Performing Arts Chair Pangasinan 4th District Rep. Christopher "Toff" De Venecia (House of the Representatives 18th Congress, 2020). Ito ay naglalayong ayusin ang malikhaing ekonomiya ng Pilipinas upang mabigyan ng oportunidad ang mga manggagawa ng sining at kultura.

Ang *online platforms* ang siyang naging hiram na espasyo para sa mga pagtatanghal. Sinimulan sa pagpili o paggawa ng mga piyesang malapit sa kasalukuyan, pagkatapos ay ang mga *rehearsals*, partikular ang palitan ng linya gamit ang *online platform*. Pinaglalaanan ng *mobile data* kung walang *internet* sa bahay, humahanap din ng tiyempo kung kailan tahimik ang paligid o di kaya ay paghahanap ng lugar na mapapag-isa at makakapag-*internalize* ng karakter. Sinisigurong tama ang timpla ng liwanag para malinaw ang rehistro sa kamera. Ito ang alternatibong pamamaraang ng pagtatanghal sa unang bahagi ng *lockdown*. Halos naging malapit ito sa mukha ng pelikula at palabas sa TV. Subalit katulad ng nakasanayan, nangyayari pa rin ang pagtatanghal sa kasalukuyan, kumbaga, wala itong *cut* at kung ano ang iyong napanood, iyon na iyon walang *second take*.

Kasabay ng pagluwag ng mga restriksyon, nabigyan ng pagkakataon na magkasama ang mga mananangHal upang sabay na makapag ensayo at maisagawa ang pagtatanghal. Ini-*record* at hinaluan ng timpla ng *video editing* subalit kapansin pansin pa din na di gaya ng telebisyon at pelikula, mas malaki ang galaw ng mga aktor sa isang dulaan.

## Hybrid Theater

Unti-unti na ang muling pag-usbong ng teatro. Ang "Lapulapu, Ang Datu ng Mactan" ay ang unang *theatrical production* sa Metropolitan Theater mula nang magsara ito noong 1996. Ang pampublikong pagtatanghal ay naging bahagi ng Quincentennial Commemorations in the Philippines, at Buwan ng mga Katutubo (Broadway World Philippines, 2021). Bagaman walang mga manonood sa aktwal pagpapalabas, ito ay ini-rekord at pinalabas noong Oktubre 24, 2021 sa *Facebook page* ng MET, NCCA at mga katambal na institusyon. Noong taong 2021, tinanggap din ng

Virgin Labfest ang "Yakap" (yakapin) bilang *catchphrase* nito. Nagsumikap ang *festival* na yakapin ang artistikong komunidad habang nagpupumilit itong makaligtas sa pandemya. Upang yakapin ang mga bagong posibilidad at mga bagong salaysay na pinalakas ng panahon at yakapin ang madla ng mga gawang nagbigay ng kaginhawahan at kasiyahan sa nakaraan (Priela, 2021).

Isa sa mga magiging patuloy na suliranin ng sining ay ang kakulangan sa pondo. Ang NCCA ay nagmungkahi ng P168.78-million na pondo para sa taong 2022 ngunit P29.38 milyon lamang ang inaprubahan ng Department of Budget and Management, umapela ang institusyon sa mga senador na tulungan sila na makakuha ng karagdagang pondo para sa taong 2022 (Casilao, 2021). Ang ganitong suliranin marahil ang realisasyon ng takot ni Opaline na *"baka malusaw"* ang dulaan dahil sa persepsyon dito bilang hindi mahalaga.

Malikhaing sining na maituturing ang dula. Malikhain sa aspektong simula sa pagsulat hanggang sa pagganap ng mga artista, kinikiliti nito ang isip ng taong kabilang sa isang palabas. Dati pa man ay mapagpursigi at malilikot ang isipan ng mga aktor upang mapanatiling buhay ang kanilang pagmamahal sa sining at maipag-patuloy ang pagpapalabas. Basta may piyesa, may aktor na gaganap, may espasyo ng pagtatanghalan, at mayroong manonood, magkakaroon ng isang pagtatanghal.

Na-*explore* ang teknolohiya na siyang nagluwal sa *hybrid theater*. Pagpapakita ito ng kapasidad ng mga artista sa dulaan na maki-ayon sa pangyayari. *"The show must go on"* ika nga. Bagaman pansamantalang tumamlay ang tanghalan dulot ng pandemya, kaagad namang nakaisip ng pamamaraan ang mga mananaghal upang ipagpatuloy ang kanilang *passion*, kabuhayan, buhay, at ang sining.

Sa mga nagdaang panahon, tinitingnan ang teatro bilang isang sining na para lamang sa iilan. Posibleng dahil ito sa limitadong kapasidad ng espasyo para sa mga manunuod, posible din naman na dahil may espisipikong tema na nakalaan para sa manonood ng mga palabas. Nariyan din ang nosyon na pang elitista o di kaya ay isang luho ang sining na ito. Sa pamamagitan ng *hybrid theater*, nailapit sa mas maraming manonood ang mga palabas at hindi na lamang nalimitahan sa pisikal na espasyong pinag tatanghalan. Hiniram na espasyo ng teatro ang o*nline platform* para makapagtanghal at ang hiram na espasyo na ito ang nagbukas ng pinto para sa mas maraming manood.

Mananatiling usapin sa mga susunod na panahon ang kahulugan ng teatro na ipinasok sa *online world*. Mahaba-haba ang magiging diskusyon at paghahanap ng katuturan at kahulugan kung ito pa rin ba ay teatro o isang pelikula. Nagaganap ang dulaan sa kasalukuyan at may pagpapalitan sa pagitan ng aktor at manonood. Sa entablado, mas malaki ang paggalaw, walang *cut*, walang *take two*. *"Your best performance is your last performance."* Kung baga, kung ano ang nagaganap, iyon na iyon at wala ng repaso pa. Sa *hybrid theater*, may halong elemento ng lente ng *camera*, may *video editing*, at may *barrier* sa pagitan ng mananaghal at manonood. Patuloy na hahanapin ang depinisyon ng teatro sa kasalukuyan subalit ika nga ni Opaline, *"sino bang Diyos ang magsasabi na theater ito o hindi ito theater?"* Ang sining ay lumalago, at ang teatro ay isang sining, kaya patuloy ang magiging ebolusyon nito.

## Sanggunian

#CreativeAidPh. "Freelance Artists, Cultural Workers, and Creatives in the Time of Covid-19 in the Philippines: A Report on the Survey Conducted by Nayong Pilipino Foundation and #CreativeAidPh". #CreativeAidPH. Scribd, 1 Abril 2020, http://www.interaksyon.com/trends-spatliRhts/2020/04/21/166766/ncca-urged-give-aid-and-rplipf-filininn-creatives-amid-covid-19-auarantine/ . Inakses 15 Disyembre 2021.

Broadway World Philippines. "Lapu lapu, Ang Datu ng Mactan at the Metropolitan Theatre Streams Oct. 24." Oktubre 12, 2021, https://www.broadwayworld.com/philippines/article/LAPULAPU-ANG-DATU-NG-MACTAN-at-the-Metropolitan-Theatre-Streams-Oct-24-20211012. Inakses 15 Disyembre 2021.

Casilao, Joahna Lei. "Cultural agencies appeal for more budget in 2022."GMA News, September 30, 2021. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/805273/cultural-agencies-appeal-for-more-budget-in-2022/story/ Inakses 15 Disyembre 2021.

Custodio, Arlo. "NCCA approves P63.8M funding for arts, culture programs amid Covid-19 crisis". The Manila Times. Mayo 3, 2020, https://www.manilatimes.net/2020/05/03/the-

sunday-times/filipino-champions/ncca-approves-p63-8m-funding-for-arts-culture-programs-amid-covid-19-crisis/721782 . Inakses Pebrero 14, 2022.

Dulaang UP. Dulaang UP History. Facebook, https://www.facebook.com/DulaangUnibersidadNgPilipinas/about. Inakses Pebrero 16, 2022.

Eighteenth Congress of the Republic of the Philippines. "*P.S. Res. No. 378 Directing the Appropriate Senate Committee/s to Conduct an Inquiry, In Aid of Legislation, On the Revitalization of the Cultural and Creatives Industry in the New Normal,* Unang Sesyon. Senate Office of the Secretary. Web. Inakses 15 Disyembre 2021.

Mallorca, Hannah. "A conversation about performing arts during COVID-19." Business World, Mayo 20, 2020. https://www.bworldonline.com/a-conversation-about-performing-arts-during-covid-19/ . Inakses 15 Disyembre 2021.

Priela, Joe. "This year's Virgin Labfest focuses on education." Manila Bulletin: Arts + Culture, 17 Nobyembre 2021, https://mb.com.ph/2021/11/17/this-years-virgin-labfest-focuses-on-education/. Inakses 15 Disyembre 2021.

Recinto, Marv. 'The House Is Still Burning': Censorship, Pandemic and Art in the Philippines. ArtReview Hunyo 22, 2020 https://artreview.com/censorship-pandemic-covid-art-philippines-doloricon-green-papaya/. Inakses Enero 1, 2022.

Soliman, Michelle Anne P. "NCCA provides P63.8-M pandemic fund for artists." Business World: Arts and Leisure. 30 Abril 2020, https://www.bworldonline.com/ncca-provides-p63-8-m-pandemic-fund-for-artists/ inakses 15 Disyembre 2021.

Tiongson, Nicanor. Philippine Theater: History and Anthology 2, Komedya. UP Press, 1999. Limbag.

"Tungkol sa Virtual Theatre Ngayong 2020." Expressed Good Reviews For Theater (EXGO REV), 11 Septyembre 2020. https://exgoreviews.wordpress.com/2020/09/11/tungkol-sa-virtual-theatre/, Inakses 15 Disyembre 2021.

## Interbyu

Artillero, Mark Stephen. Personal na interbyu. Enero 3, 2022.

Camañag, Roeder . Personal na interbyu. Disyembre 10, 2021.

Magiliw, Serena. Personal na interbyu. Enero 5, 2022.

Marquez, Ligaya. Personal na interbyu. Enero 5, 2022.

Paule, Paul Jake. Personal na interbyu. Disyembre 10, 2021.

Potes, Gio. Personal na interbyu. Disyembre 11, 2021

Santos, Opaline. Personal na interbyu. Enero 7, 2022.